# MUSIKA
## Ika-apat na Baitang
## Modyul 20

## SIMBOLO NG MAHINA AT MALAKAS NA TUNOG



### ALAMIN MO



Ang lakas o hina ng pag-awit at pagtugtog ay tinutukoy na **daynamiks**.



Ang pananda para sa daynamiks ay ang **p** (piano) sa mahina at *ƒ* (forte) sa malakas na pag-awit o pagtugtog.




### GAWIN MUNA

1. Tumingin ka sa larawan. Ipakita mo ang kuwento ng larawan sa pamamagitan ng paggamit ng mga instrumentong perkusyon. Gumamit nang mabigat at magaan na tunog ng instrumento.

a)  


b)  



c) 

Ano ang naipakita mo?

2. Ipalakpak o ikilos mo ang isinasaad ng larawan.

a) 

b) 

c) 

d) 

Paano mo ipinalakpak o ikinilos ang
- malalaking hugis?
- maliliit na hugis?





## PAG-ARALAN MO

1. Awitin mo ang "Ili-Ili Tulog Anay", isang awiting bayan sa Bisaya.






Sagutin:

Tungkol saan ang awit?
Paano natin ito aawitin?

2. Tingnan mo ang iskor na awit.
   Ano ang napansin mong simbolo sa itaas ng mga nota?

   p – piano - inaawit nang mahina
   *f* – forte - inaawit nang malakas

3. Awitin mong muli ang awit na sinusunod ang simbolong p at *f*.






## SUBUKAN MO

Isagawa mo ang sumusunod:

1. lumakad na nakatingkayad (tip toe) – p
2. tunog ng kulog – *f*
3. magsalita ng pabulong – p
4. tunog ng sirena – *f*
5. sumutsot ka – p
6. sumigaw ka – *f*



## TANDAAN MO

Daynamiks – ang lakas o hina ng pag-awit at pagtugtog.

p (piano) – awitin o tugtugin nang **mahina**
*f* (forte) – awitin o tugtugin nang **malakas**




## PAGTATAYA

Batay sa pamagat ng mga awitin, sabihin kung paano dapat awitin ang mga sumusunod na awit. Isulat ang *f* kung dapat ay malakas at **p** kung mahina lamang.

______ 1. Tulog na Bunso
______ 2. Welcome
______ 3. Rock-a-bye, Baby
______ 4. Happy New Year
______ 5. Lullabye





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

